


21 Labor at Social Insurance Consultant

Ang labor at social insurance consultant ay dalubhasa sa paglutas ng iba't ibang problema tungkol sa trabaho at labor insurance, magmula sa pagkakatanggap sa trabaho hanggang sa pagreretiro. Nagbibigay sila ng labor counseling at inaasikaso nila ang social insurance at pension ayon sa kahilingan ng kompanya.

Maraming dayuhan ang nagtatrabaho sa prefecture na ito, pero halos walang social insurance consultant na marunong magsalita ng wika ng dayuhan. Lumalakas ang loob ng mga dayuhan kung alam nila na may labor insurance consultant na marunong magsalita ng kanilang sariling wika.

Maging sa mga kompanya kung saan maraming dayuhan ang nagtatrabaho, malaking tulong kung alam nila na may labor consultant na marunong magsalita ng wika ng dayuhan.

Para maging labor at social insurance consultant



✂Bukod dito, alamin sa website ang ilang mga detalye para sa iba pang kuwalipikasyon sa pagkuha ng eksaminasyon.

<Maagang preparasyon>

Para maging isang labor insurance consultant, kinakailangan ang mataas na antas ng talino at kaalaman sa Nihonggo. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

<Kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Maaring magtrabaho sa opisina ng labor insurance office o opisina ng abogado. Recommended din ang kuwalipikasyon ito na magtrabaho sa mga kompanya. Maaring ding magtayo ng sariling opisina pero mas inire-rekomenda na magtrabaho sa mga kompanya.

Ang average na suweldo ay mahigit 4,000,000 yen kada taon, depende kung saan lugar nagtatrabaho.



<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Ang halaga ng tuition fee ay depende sa papasukang school. Sa national universities, aabutin ng mahigit 2,400,000 yen (4 taon), private universities 4,000,000 yen (4 taon). Sa Junior College ay aabutin ng mahigit 1,800,000 yen (2 taon) ang halaga.